Welcome to
# Medicare

## MGA KATANUNGAN AT MGA SAGOT

PREVENTIVE VISIT



### T: Ano ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen? Bakit kailangan kong gawin ito?

S: Ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen ay magbibigay sa iyo ng kakayahang kontrolahin ang iyong kalusugan at ang iyong Medicare mula sa simula. Ang komprehensibong iksamen ay inaalok sa unang taon ng pag-enroll mo sa Medicare at nagbibigay sa iyo at sa iyong doktor ng madaling paraan upang makakuha ng wastong-wastong batayan ng iyong kalusugan ngayon at sa hinaharap. Simula noong Enero 1, 2011, ito ay libre sa karamihan ng tao na may Medicare.

### T: Ano ang sakop sa panahon ng iksamen?

S: Sa panahon ng iksamen, rerebyuhin mo at ng iyong doktor ang iyong medikal na kasaysayan at kasaysayan ng pamilya, aasesuhin ang mga kasalukuyang kondisyon sa kalusugan at mga de-resetang gamot, at magsasagawa ng mga test at screening na magpapahintulot sa inyong dalawa na magtatag ng batayan para sa hinaharap at para sa personal na pangangalaga. Ito ay pagkakataon mo na rin at ng iyong doktor na talakayin ang mga maikli at pangmatagalang gagawin upang iwasan ang sakit, pabutihin ang iyong kalusugan at manatiling malusog. Kasunod ng iksamen, magbibigay sa iyo ang iyong doktor ng isang plano o checklist na nagpapakita ng mga screening at mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit na dapat mong kunin.

Bukod pa rito, hikayatin ang iyong doktor na talakayin sa iyo ang mga benepisyo sa pag-iwas sa sakit at iba pang mga serbisyo na maaaring makuha mo gamit ang Medicare. Ito ay panahon din upang siguraduhin na ang iyong mga kahilingan sa health care ay matutupad sa hinaharap.

### T: Magkano ang iksamen?

S: Ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen ay libre para sa karamihan ng mga tao na may Medicare.

### T: Mayroon akong Medicare Advantage Plan. Maaari ko pa rin bang kunin ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen?

S: Oo. Ang " Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen ay makukuha ng mga tao na nasa Medicare Advantage Plans. Itsek sa iyong plan upang malaman kung ang iksamen ay libre sa iyo.

### T: Paano ko makukuha ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen?

S: Madaling samantalahin ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen. Kung kasalukuyan kang mayroong doktor, itanong lamang ito sa kanya at mag-iskedyul ng isang appointment.

### T: Kung alam na ng aking doktor ang aking kasaysayan sa kalusugan, ano pa ang benepisyo ng iksamen na ito?

S: Ang pag-enroll sa Medicare ay isang mahalagang hakbang sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Sa simula ng bagong antas na ito, ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen ay isang pagkakataon para sa kompletong pag-aseso ng iyong kalusugan at batayan para sa hinaharap at personal na pangangalaga mula sa iyong doktor.

Ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen ay mas komprehensibo kaysa sa karaniwang taunang iksamen at nagpapahintulot ito sa iyo at sa iyong doktor na talakayin ang mga maikli at pangmatagalang gagawin upang iwasan ang sakit, pabutihin ang iyong kalusugan at manatiling malusog. Ito ay panahon din upang siguraduhin na ang iyong mga kahilingan sa health care ay matutupad sa hinaharap.

# T&S

## T: Paano kung wala akong doktor?

S: Kung wala kang doktor, bisitahin ang medicare.gov o tumawag sa 1-800-MEDICARE (TTY: 1-877-486-2048) para sa listahan ng mga provider sa iyong lugar na tumatanggap ng Medicare. At pagkatapos ay makipag-appointment sa iyong piniling doktor.

## T: Gaano katagal ang panahon kung kailan ko maaaring makuha ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen pagkatapos kong mag-enroll sa Medicare?

S: Ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen ay inaalok sa unang 12 buwan ng pag-enroll mo sa Medicare. Oras na nag-enroll ka, mahalaga na iiskedyul kaagad ang iyong "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen.

## T: Paano kung naka-enroll na ako sa Medicare nang higit sa 12 buwan. Maaari ko pa rin bang matanggap ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen?

S: Hindi. Pagkatapos lumipas ng 12 buwang panahon, kailangan mong iiskedyul ang pagbisita bilang taunang "Wellness" na iksamen kumpara sa "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen.

## T: Ano ang taunang "Wellness" na iksamen?

S: Ang iksamen na ito ay taunang wellness na pagbisita upang magdibelop o mag-update ng plano sa pag-iwas sa sakit na para lamang sa iyo, batay sa iyong kasalukuyang kalusugan at mga risk factor. Wala kang babayaran para sa iksamen na ito kung ang doktor ay kalahok sa Medicare na programa. Ang iksamen na ito ay sakop isang beses bawat 12 buwan.

## T: Mayroon ba akong dapat gawin upang maghanda para sa iksamen? May kailangan ba akong dalhin?

S: Upang masamantala ang iyong iksamen, dapat mong dalhin ang mga sumusunod na bagay kapag pumunta ka sa iyong "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen:

- Mga medikal rekord, kabilang ang mga rekord ng pagpapabakuna (kung ngayon ka pa lamang pupunta sa isang bagong doktor)
- Kasaysayan sa kalusugan ng pamilya – bago dumating ang iyong appointment, kung maaari, subukan na higit na alamin ang kasaysayan sa kalusugan ng iyong pamilya; ang anumang impormasyon na maaari mong ibigay sa iyong doktor ay makakatulong na matiyak kung ikaw ay nasa panganib sa ilang mga sakit.
- Listahan ng mga de-reseta at hindi de-resetang gamot na kasalukuyan mong iniinom, gaano kadalas mo iniinom ang mga ito at bakit

## T: Hindi nabanggit sa akin ng aking doktor ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen o taunang "Wellness" na iksamen. Dapat ba akong magtanong sa kanya?

S: Kung ikaw ay nag-enroll sa Medicare sa loob ng nakalipas na 12 buwan, dapat mong itanong sa iyong doktor ang "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen. Ang iksamen ay nagbibigay ng komprehensibong set ng mga batayan na makakatulong sa iyo na pamahalaan ang iyong kalusugan at Medicare mula sa simula. Tulad ng "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen, kabilang din sa taunang "Wellness" na iksamen ang masusing pagrebyu sa iyong kalusugan, pati na rin ang kaalaman at pagpapayô ukol sa mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit na kailangan mo, tulad ng ilang mga screening at mga bakuna, at mga referral sa iba pang pangangalaga.

## T: Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon ukol sa "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen?

S: Para sa karagdagang impormasyon ukol sa "Welcome to Medicare" na pisikal na iksamen, bisitahin ang www.Medicare.gov/welcome o tumawag sa 1-800-MEDICARE (TTY: 1-877-486-2048).

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

Publikasyon Blg. 11532 –Tagalog